

1

Diana could not believe her ears.

Hindi siya makapaniwala na nakikipag-break sa kanya ang boyfriend niya of five years na si Sean Carbonell. Practical joke ba ito? He must be kidding!

“I’m serious, Di. I’m really breaking up with you,” anito.

“A-are you crazy?”

“No... Di, pinag-isipan ko ’tong mabuti. My decision is final. Ayokong lokohin ka kaya ginagawa ko ’to. At least, I have the decency to say this to you face-to-face.”

“But what could have gone wrong? We’re perfectly happy. We’re almost on our sixth year as a couple. We’ve known each other since high school. We love each other so much. Didn’t we make a promise to—”

“Di, I’m really, really sorry. Alam kong mahirap para sa ’yong tanggapin ’to, pero hindi na talaga magbabago ang desisyon ko.” Hinalikan ni Sean ang kamay niya saka binitiwan iyon. Tumayo ito at

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

naglakad palabas ng kuwarto. Bubuksan na sana nito ang pinto nang magsalita uli ang dalaga.

“The least you can do is give me a reason.” Nagsimula nang dumaloy ang luha sa kanyang mga mata.

“I have already told you the reason, Di.”

“Sean, this is just one of those quarrels that we usually have. Please—”

“No, Di. This is different. I’m leaving. For good.”

Napalunok siya. “I don’t understand...”

“You will. Someday.”

“How could you do this to me?” sumbat niya.

“You did this to yourself, Diana!” Hindi napigilan ni Sean ang magtaas ng boses. “I’m sorry. I didn’t mean to raise my voice. I don’t want to end this like this. I want us to be friends.”

“Is there someone else—”

“How many times do I have to tell you that there’s no third party? Ang problema natin, problema lang natin. No one else is involved.” Napailing ito. “We’re going round in circles. Para na akong sirang plaka sa kakapaliwanag.” Tuluyan na nitong binuksan ang

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

pinto upang lumabas. Umalis na ito sa buhay niya.

Naiwan si Diana sa kanyang kuwarto habang nakatayo sa tabi ng sliding doors. Tumalikod siya at tinanaw mula sa balcony si Sean na naglalakad, pasakay ng kotse nito. Hindi man lang ito lumington. Hindi na ito bumalik. Hindi ito tulad ng mga dati nilang away na magwo-walk out ang binata pero babalik din upang magkaayos sila. Ngayon, iba na.

Tuluyan nang umalis ang lalaking naging nobyo niya. Hindi na ito babalik pa.

Lumingon siya at inilibot ang tingin sa kanyang kuwarto. Nakita niya ang mga pictures na nakasabit sa pader—lahat iyon ay pulos mga larawan nila ni Sean.

Picture nilang nakasuot ng high school uniform, kumakain ng ice cream.

Picture nila noong prom. Sila ang Prom King at Queen.

Picture nila sa Paris, noong family trip nila sa Europe.

Picture nila sa wedding ng elder sister ni Sean. Ito ang nakasalo ng garter. Siya naman ang nakasalo ng bouquet.

Picture nila noong college graduation nila. Nagtapos ito ng Business Management samantalang siya ay Fashion Design.

Pati ang mga stuffed toys sa kanyang kama—pulos regalo sa kanya ni Sean. Hinaplos niya ang kanyang ring finger. Suot niya ang promise ring na bigay nito sa kanya noong first anniversary nila. Pumasok ng kuwarto si Spike, ang chow-chow na bigay sa kanya ng dating nobyo.

“Spike, what’s happening?” aniya sa aso.

Lumapit ang alaga sa kanya; binuhat naman niya ito at niyakap-yakap. Walang humpay ang pagtulo ng luha sa kanyang mga mata. Napaupo siya sa gilid ng kanyang kama. Litung-lito siya; hindi niya malaman ang gagawin.

Tinanong niya ang sarili kung saan siya nagkamali. Kung saan siya nagkulang. Kung paano nagawa ni Sean na itapon na lamang ang five-year relationship nila nang ganoon-ganoon na lang.

Mahirap para sa isang tulad niya na tanggapin ang rejection, ang pagkabigo. Siya si Diana Maria Emilia Tan Versoza. Ang tinaguriang ‘it girl’ ng mga society magazines—beauty, brains, body. Ang nag-iisang babaeng tagapagmana ng *Tan-Versoza*

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

Clothing Corporation o TVCC. Ang Tsinay beauty na kinaiinggaan ng marami dahil sa kanyang ganda, talino at yaman. She had it all, and she knew it, especially when Sean Carbonell is in her arms.

Well, was in her arms.

Sean could have been the perfect icing on her cake. Mestizo ito, macho at nanggaling sa isa ring prominent Chinese-Filipino family. Niligawan nito si Diana mula pa high school. Sinagot niya ito noong high school graduation nila.

Walang dudang ‘it couple’ sila ng kanilang university; hinahangaan, kinaiinggaan. Botong-boto ang kani-kanyang pamilya sa kanilang relasyon. Siguradong magiging wedding of the year ang kanilang kasal pag nagkataon.

Diana could not have been any happier. Until this. This break-up.

Iniisip tuloy niya ang mga puwedeng mangyari kapag nalaman ito ng kanyang pamilya, mga kaibigan at ng publiko. Maraming magtatanong, manghihinayang at maaawa sa kanya.

“I can’t deal with all this, Spike. I can’t. This is so hard.”

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

Napahagulgol na lang siya. Hindi niya maisip ang buhay nang wala si Sean. He was her first and only love.

Inilapag niya ang aso sa carpet at sumalampak sa kanyang kama. Yakap ang unan, umiyak siya nang umiyak. Narinig na lamang niya ang message alert tone ng kanyang *BlackBerry*.

Hey, Di. Wer u? We're alrdy hir at ATC. R u stil coming? Or u want us 2 go 2 ur house? Pls hurry up. Sheena's dying 2 c u.

Text iyon sa kanya ng kaibigan niyang si Ruth. Magkikita-kita dapat sila sa *Alabang Town Center* para magkape. Umuwi mula Singapore ang isa pa nilang kaibigan na si Sheena. Ngayon lang uli sila magkikita-kita. Isasama niya dapat si Sean sa kanilang get-together. Pero ngayon, dahil sa pagtatapos ng kanilang relasyon, wala siyang ganang lumabas o makipag-chikahan o magsaya.

“Diana, what are you going to do?” tanong niya sa sarili.

Nagpatuloy siya sa pag-iyak.

“Hey, Sleepyhead, wake up!” sigaw ni Sheena.

Naalimpungatan si Diana at nakita ang kanyang mga kaibigang sina Sheena, Wennie at Ruth na nakaupo sa kanyang kama.

“Oh, dear. What happened?” aniya.

“Obviously, you were so asleep that you stood us up in *Starbucks!*” naiinis na sagot ni Ruth.

“What happened to you ba? You weren’t answering our calls so we went here. Are you sick?” tanong ni Wennie.

Disoriented si Diana, hindi siya makasagot.

“Aren’t you going to welcome me? I just arrived home,” ani Sheena.

“Oh, I’m so sorry... Welcome back, Shee. I missed you,” matamlay na sabi niya.

“Di, what’s wrong? Are you okay? We’re supposed to be excited now that Sheena’s here. We have all these grand plans of us bonding, partying and all. But here you are, you look anything but ecstatic.” Napatayo tuloy si Ruth sa sobrang pagkadismaya.

“I just had a rough day. That’s all,” aniya.

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

“Any problem? Come on, tell us. Spill it out,”
udyok ni Wennie.

Bumangon si Diana. Masakit ang kanyang ulo.
Para siyang nahihilo. Mugtung-mugto ang kanyang
mga mata.

“Oh, my God! Have you been crying?” halos
patiling sabi ni Sheena.

Kaagad siyang tumingin sa salamin ng kanyang
dresser at nakita nga ang kanyang mga mata. Hindi
niya tuloy napigilan ang mapaiyak uli. Nagsilapitan
sa kanya ang mga kaibigan. Niyakap siya ng mga ito
at hinagud-hagod ang kanyang likod.

“Sean and I broke up,” pagtatapat niya.

Nanlaki ang mga mata ng tatlong babae. Laglag-
panga ang mga ito, hindi makapagsalita.

“Yes... Believe it. We called it quits.”

“But why did the two of you break up?” tanong
ni Sheena.

“Don’t tell me there’s a third party?” usisa ni
Wennie.

“Is that the reason why you broke up with him?”
pangungulit ni Ruth.

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

“No, girls. *He* broke up with me,” buong tapang na sabi niya.

Nabalot ng katahimikan ang buong kuwarto. Lahat, shocked.

“H-how could he? He’s an asshole...” galit na sabi ni Sheena.

“You shouldn’t let this get the best of you. Let go. Move on,” ani Wennie.

“Guys, ano ba! Maybe this is just a petty quarrel,” saway ni Ruth kina Sheena at Wennie. Binalingan siya nito. “Di, don’t worry. Maaayos n’yo rin ’to. Just hold on.”

“Okay ka lang, Ru?” protesta ni Sheena kay Ruth. “That guy, Sean, had the nerve to break up with Di. We should teach that douche a lesson.”

“Shee! Shut up! You’re just adding fuel to the fire!” sawata ni Wennie.

“Sheena’s right, Wen. I shouldn’t let this get to me.” Tiningnan ni Diana ang sarili sa salamin. Kung kanina, puno ng kalungkutan ang kanyang mga mata, ngayon ay puno na ng tapang. “Girls, look at me. I’m Diana Versoza. I’m not called the ‘It Girl’ for nothing.”

Naglakad siya papuntang sliding doors. Tumingin

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

siya sandali sa labas bago muling hinarap ang mga kaibigan. “He’s not the last guy on earth. If he thinks that I would be spending the next days, weeks or months crying, then he got it all wrong.” Lumapit siya sa mga ito. “I can actually replace him in just a snap.”

“Whoa! Di, what are you trying to tell us?” tanong ni Ruth.

“Ano pa ba, Ru? Aren’t you listening? Di’s gonna find a rebound boyfriend,” ani Sheena.

“Not really. I’m not doing this for Sean. I’m doing this for myself. I want to prove something to myself,” paglilinaw niya.

“And what could that be?” usisa ni Winnie.

“That I can make any guy fall in love with me. That Sean, I mean, my ex, is nothing but just another guy. He’s dispensable. Replaceable.” Humarap si Diana sa kanyang dresser at nagsuklay. Pinagmasdan niya ang sarili. Pilit niyang itinuon ang kanyang isip sa magagandang bagay sa kanyang pagkatao, sa kanyang God-given looks.

Long, straight, jet-black hair. Tantalizing chinita eyes. Cute little nose. Little doll-like lips. Porcelain white complexion. Ample breasts. Narrow waist. Round hips. Long, slender legs. Her envious height.

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

“To be quite frank, I think you sound a bit bitter,” hirit ni Wennie.

“I’m not. You don’t believe me? I can prove it!” sagot niya.

“Miss Diana Maria Emilia Tan Versoza, are you trying to dare us?” mapanuksong tanong ni Sheena.

“Correction: I’m not trying to dare you... I am daring you. Pick any guy and I can make him fall in love with me.” Patuloy siya sa pagtitig sa sarili. She was wearing a white tank top, daisy dukes and flip-flops. “Actually, come to think of it. My five-year relationship with Sean did not allow me to explore and enjoy my singlehood. Girls, this is my second chance. I’m officially on the market. I should make the most out of my being a bachelorette.”

“But, mind you, that shouldn’t mean that you can just play around,” ani Ruth.

Napairap si Sheena. “Ru, don’t be too serious. Heartbroken na nga ’tong friend natin, nagpapakarighteous ka pa. Hahayaan ba nating magmukmok na lang ’tong si Di? Of course not. So, ano’ng masama kung medyo magkatuwaan naman tayo. Like, trip lang. A dare. A bet. Maybe—”

“An experiment,” dugtong niya.

“So what would be the terms?” tanong ni Wennie.

“Like I’ve said. You girls can choose any guy... and then I’ll make him fall in love with me,” ulit niya sa sinabi kanina.

Nilapitan siya ni Wennie. “Ganito, kung na-in love sa ’yo ’yung guy, treat ka namin ng Mediterranean cruise. Kami na ang bahalang mag-explain sa dad mo. Kung hindi naman siya ma-in love sa ’yo, ibig sabihin ay talo ka sa bet, magtrabaho ka na sa company n’yo. Agad. No partying. You’ll be a hardworking young employee of your family business.”

Napaisip si Diana. Maganda para sa kanya ang pustahan. Pag nanalo siya, matutupad na ang pangarap niyang cruise. Matagal na niyang hinihiritan ang daddy niya na payagan siyang mag-cruise kasama ng mga kaibigan niya pero ayaw nito. Ayon dito, kung gusto niyang mag-cruise, kailangan muna niyang magtrabaho sa kanilang kompanya. Matuto siya dapat na mag-ipon at gumastos gamit ang sariling hard-earned money.

Kaga-graduate lang niya ng college, pero wala pa siyang ganang magtrabaho. Gusto muna niyang magpahinga, magbakasyon, mag-gimmick, mag-party. Pero monitored ng daddy niya ang lahat ng gastos niya. Gusto kasi nitong pahalagahan ng anak

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

ang pera. Dahil doon kaya hindi siya makao sa plano nilang magkakaibigan na mag-cruise.

Pero pag natalo naman siya sa pustahan, wala siyang magagawa kundi gawin ang ayaw niya—ang magtrabaho.

“Deal.” Nginitian niya ang mga kaibigan.

Nagkukuwentuhan ang magkakaibigan sa balcony ng kuwarto ni Diana. Masaya ang usapan nila sa kung papaano isasakatuparan ang kanilang pustahan—ang kanyang eksperimento.

“Ganito na lang, girls, mamayang gabi, we’ll hit the bars. We’ll look around. Choose our prospect,” ani Sheena.

“Sounds good to me,” aniya.

Nakita nilang pumasok ang isang black *Porsche* sa gate ng mansyon. Tumigil ito sa harap ng bahay. Lumabas mula sa sasakyang si Donald Tan Versoza—ang Kuya Donnie ni Diana. Napatingala ito at nakita ang magkakaibigan. Ngumiti ito at kumaway. Kinawayan din ito ng mga babae.

“Hi, Kuya! Are you having dinner here?” malakas na sabi ni Diana para marinig siya ng kapatid na

nakatayo sa ibaba.

“Yep. And I’ve got company,” sagot nito.

Lumabas mula sa passenger door ang best friend at business associate nito na si Rafael Ramirez.

“Hi, Diana! Hi, girls,” pagbati ni Rafael.

Naglakad ang dalawang binata papasok ng bahay. Samantala, nagtinginan sina Sheena, Wennie at Ruth. Pilya ang ngiti na namutawi sa mga labi ng mga ito.

“Girls, I don’t think we have to go clubbing later. We’ve already found our target,” ani Sheena.

Napatayo si Diana mula sa kanyang kinauupuan. “Oh, no! No, please. Not him. Anyone except him. He’s my Kuya’s—”

“I thought you said earlier that *any* guy... *any* man will fall in love with you,” hirit ni Wennie.

“Oh, my God! This is more exciting than I thought,” nangingiting sabi ni Ruth. “Di, you’re in deep trouble. Do you want to call off the bet or what?”

Hindi makasagot si Diana.

2

“What brings you here, my little sister?” tanong ni Donnie.

“Wala naman. Masama bang bisitahin ko ang kompanyang pag-aari ng pamilya ko?” pabirong sagot ni Diana habang nagtitig-tingin sa loob ng opisina ng kapatid. Umupo siya sa harap ng desk nito. Ang totoo niyan, pumunta siya roon para pasimpleng magtanung-tanong tungkol kay Rafael Ramirez.

“At kailan ka naman magsisimulang magtrabaho para sa kompanyang pag-aari ng pamilya mo?” Patuloy lang ito sa pag-review ng mga latest sketches ng kanilang clothing line para sa susunod nilang fashion show.

“Don’t worry, Kuya, it might be sooner than later.”

“I definitely hope it’s sooner. Ewan ko ba sa ’yo, Diana, kung bakit pinatatagal mo pa ’to. Maraming new graduates d’yan ang nagpapakahirap maghanap ng trabaho. Samantalang ikaw, ikaw pa ang hinihintay ng trabaho. ’Wag mo namang sayangin—”

“Kuya, please. Spare me. Hindi ako pumunta dito para masermunan lang. How many times do I have

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

to tell you that I'm just taking my time? I'm still in the process of discovering what I really want to do. I'm not like the other rich kids who let their parents dictate what they should and shouldn't do. May sarili akong isip, Kuya. Deal with it. Sorry kung hindi ako katulad ninyo na naging successful agad sa chosen professions n'yo.”

“I think you're just being a brat. Okay, I get it. You're the bunso and all, kaya ka ganyan. You're used to being pampered. Pero ikaw lang naman 'tong iniisip ko, eh... Ayoko lang na hindi mo kayang maging on your own. I want you to be independent because I love—”

“You love me. Ang sweet talaga ng Kuya Donnie ko. Kaya ikaw talaga ang favorite kuya ko, eh.” Pumunta siya sa likod ng kinauupuan ng lalaki at niyakap ito. Hinalikan niya ito sa pisngi. “Kuya, ’wag mo na akong pangaralan. Paulit-ulit ka na lang, eh. Every time we see each other, you just say the same things. I'll be fine. Don't worry, my favorite brother.”

“Ako ang favorite kuya mo kasi ako lang ang kumukunsinti sa 'yo. Alam mo kasi na hindi kita matatanggihan. Alam mo na kakampihan kita kahit ano'ng mangyari. You know that I always have your back. Ako na nga 'tong laging pinagagalitan nina

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

Daddy kasi I spoil you daw. Please prove them wrong.
Do it not only for me but for yourself.”

Naisip tuloy ng dalaga ang lahat ng mabubuting nagawa para sa kanya ng Kuya Donnie niya. Lagi siyang ipinagtatanggol nito. Lagi siyang tinutulungan nito pag may problema siya. Kaya hindi rin niya maipagtapat dito na nag-break na sila ni Sean kasi siguradong magagalit ang kapatid. Siguradong i-co-confront nito si Sean. Baka gulpihin pa nito ang huli. Gagawin ni Donnie ang lahat para sa kanya na one and only little sister nito.

Pero ganoon din naman siya ka-protective sa kapatid. Walang babaeng puwedeng i-date si Donnie nang hindi muna pumapasa sa standards niya. Marami tuloy babae ang nadi-discourage na lumapit sa kanyang kapatid dahil alam ng mga ito na mayroon itong pakialamerang younger sister.

Mga bata pa lang sina Donnie at Diana ay sobrang close na sila sa isa’t isa. Malalayo kasi ang edad sa kanila ng tatlo pa nilang nakakatandang kapatid—lahat, lalaki. Ang panganay na si Reuben, Jr., isang surgeon na sa California. Ang pangalawa naman na si Raymond, isang engineer sa London. At ang pangatlong si Robin, ang tumatayong corporate lawyer ng TVCC.

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

Successful sa kani-kanilang chosen fields ang mga kuya ni Diana. Si Donnie nga, CEO ng TVCC. Nag-retire na kasi ang ama nilang si Reuben Versoza, Sr. Ang ina naman nilang si Dina Tan-Versoza ay isang very active philanthropist and socialite.

Malaki ang pressure para sa kanya na sundan ang mga yapak ng kanyang mga kuya. Pero natutunan niyang huwag magpadala sa mga expectations sa kanya ng ibang tao. Mas gugustuhin pa niyang matawag na isang spoiled brat kaysa maging isang family slave.

“All set for the company party?”

Biglang nawala lahat ng iniisip ni Diana. Lumingon siya at nakita si Rafael.

Guwapo na kung guwapo. Matalino na kung sa matalino. Mabait na kung sa mabait. Pero hindi ang isang Rafael Ramirez ang tipo ng lalaki ni Diana. Mahilig ang dalaga sa mga chinito, tulad ni Sean. Madali siyang maakit sa mga mestizo at may Chinese blood. Hindi tulad ni Rafael.

He was a total geek. Guwapo ito pero hindi pansinin. Pinoy na Pinoy ang dating nito—isang moreno. Looking at his face, he had thick eyebrows,

deep-set eyes, imposing manly nose, full masculine lips, prominent cheekbones and angular jawline.

How about his body? Nakita na ni Diana ang katawan ni Rafael nang maraming beses lalo na pag nagsu-swimming ito sa pool nila kasama ang Kuya Donnie niya. Very impressive ang well-toned body nito. He had lean and not bulky muscles. Gym buddies din kasi ito at ang kanyang kapatiid. Very sporty rin siya. He played basketball and badminton.

Kung tutuusin, very likeable talaga si Rafael pero hindi niya matagalang ang pagiging baduy nito kung pumorma. Fashion designer siya kaya gusto niya sa isang lalaki ay iyong may sense of style at magaling magdala ng damit.

He was always wearing the wrong color combinations, the wrong fabric and the wrong silhouette that do not flaunt his macho figure.

Take this particular meeting for example: Rafael was wearing a pale yellow long-sleeved polo, purple knitted vest, an ill-fitting gray corduroy coat and pleated dark blue pants. He had a pair of black bulldog shoes and white socks on. Not to mention his nerdy eyeglasses!

“Oh, dear Lord...” Iyon na lang ang nasabi niya

nang makita ang porma ng binata.

“Hey, Diana. How are you? Napasyal ka dito,” nakangiting bati nito.

Pilit na ngumiti lang siya.

“Blooming ka, ha? How’s Sean? Siguro may date kayo mamaya. You look so elegant today.”

“T-thank you,” naasiwang sagot niya.

Very elegant naman nga talaga si Diana nang mga sandaling iyon. She was wearing a one-shoulder little black dress and *Christian Louboutin* pumps. She let her long straight hair rest on her shoulders. She wore a barely there makeup. She just wore pearl earrings and a *Rolex* watch as accessories. She loved the simple but elegant look. She loved wearing classic black to complement her milky complexion. She had a very minimalist style.

“Actually, yes. You don’t need to worry about the party. Cheska’s already on top of it. Kaya ngayon, itong latest collection na ang inaasikaso ko. Tingnan mo ’yung sketches,” ani Donnie, sabay abot ng mga papel kay Rafael.

“Never mind, Donnie. Alam mo namang wala akong alam d’yan sa clothes and all. All I care about

is money matters,” biro nito.

“Yeah. Same here.”

“Okay, I’ll go ahead. I just dropped by to make sure that everything’s ready for tonight.”

Paalis na si Rafael nang magtanong si Diana.
“What’s up tonight?”

“The company party, what else?” sabad ng kapatid.

Napaisip siya. “Oh! The TVCC anniversary party! How can I forget? Oh, my gosh! I haven’t picked a dress. What was I thinking?”

“I can’t believe you forgot. What’s wrong with you? How can a party girl like you forget a family party?” pagtataka ni Donnie.

“At least, Diana, all you have to fuzz about is your dress for tonight. Ako, I still don’t have a date,” ani Rafael.

“Too bad for you, Pare. Ako, may date na,” ani Donnie.

“You have a date? Hindi mo man lang hiningi ang approval ko. Who’s this bitch this time?” Nakakunot ang noo ni Diana.

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

“Well, this bitch happens to be your friend, Sheena. I texted her... she said yes. I think Wennie and Ruth are also going to the party,” sagot ni Donnie sa kanya. Ibinalik nito ang pansin sa kaibigan upang kausapin. “Pare, you have at least five hours to find a date or you’re going solo... again.”

“I can be your date,” biglang hirit ni Diana. Pati siya ay nagulat sa kanyang sinabi.

Takang-taka na nagtinginan ang dalawang lalaki.

“I’m sorry. Can you say that again? You want to be Rafael’s date tonight? Aren’t you going with Sean?” tanong ni Donnie.

“That’s very nice of you, Diana. But you can’t have two dates. I can’t be the third wheel,” ani Rafael.

Tumayo siya at lumapit sa huli. Naamoy niya ang pabango ng binata. Naisip niyang may tumama rin sa taste nito—mabango ang perfume nito. “Sean’s not going. He’s busy with family matters. I’m still going to the party but I’m dateless. So what do you think, Raffy?”

Tumingin ang lalaki kay Donnie upang hingin ang opinyon nito.

“Please, Raffy, say yes. Mabuti nang ikaw ang

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

date ng kapatid ko kesa kung sino pang lalaki,” anang kaibigan.

“Good! It’s a date. Pick me up at six. See you later.” Kinuha ni Diana ang kanyang *LV* bag at masayang umalis ng opisina.

“Weird...” bulong ni Rafael.

“As if you don’t know my sister. Parang hindi ka na nasanay,” sagot ni Donnie.

Diana Versoza was an epitome of perfection. She decided to wear a long-sleeved mid-thigh black dress with sequins and her favorite *Louboutin* pumps. Conservative sa harap, pero daring sa likod. The dress was actually backless showing her flawless back and accentuating her killer behind. She decided to keep her hair in a loose bun. She wore simple makeup, as usual.

“Kanina ka pa ba?” aniya habang bumababa ng grand staircase ng kanilang bahay.

Si Rafael naman ay naghihintay sa ibaba, titig na titig sa dalaga.

He was speechless. Smitten, actually.

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

Halos kapusin ng hininga ang binata nang makita si Diana. Parang biglang luminaw ang kanyang paningin nang makakita ng isang diyosa. Very stunning ang dalaga. Hindi siya makapaniwala na isa nang attractive young lady ang dating makulit at moody na nakababatang kapatid ni Donnie. Matagal na niyang nakikita si Diana. Nasubaybayan niya ang pagdadalaga nito. Pero ngayon lang niya na-realize na nag-mature na talaga ito. Hindi maitago sa kanyang mga mata ang attraction para sa kaharap.

Samantala, halatang-halata naman ni Diana ang paghangsa kanya ni Rafael. Hindi na siya nasorpresa. She would actually get that same reaction from men. All the time. Kapag nakikita siya, hindi maitago ng mga lalaking ma-attract sa kanya. Naisip niyang madadalian talaga siya sa pustahan nilang magkakaibigan. Sure win na ito. Sa ganda pa lang niya, kaya na niyang makuha ang atensyon ni Rafael. Paano pa kaya kapag nag-usap sila at mag-spend ng isang gabi na magkasama? Paano pa kaya kung i-seduce niya ito?

Walang kahirap-hirap. Hindi man lang ako nachallenge, nasabi niya sa sarili.

“F-flowers for the one and only heiress of *Tan Versoza Clothing Corporation*,” nabubulol pang

bungad nito.

“Wow! Thanks, Raffy. Nag-abala ka pa.” Ikinatuwa niya ang bouquet pero hindi ang suot ng ka-date. Tiningnan niya ito mula ulo hanggang paa. Nakita niya ang old-fashioned polo, pants and shoes na suot nito. Napailing at napangiwi siya.

“Something wrong with my get-up?” untag nito.

“Honestly, yes.”

“Aminado naman akong hindi ako magaling pumorma. Pero ito na ang pinakadisenteng pormang kaya ko. I know I need help.”

“A fashion emergency. ’Wag mong kalimutan na graduate ng Fashion Design ang ka-date mo. Let me take care of your outfit. Let’s go upstairs. Tingnan natin kung ano’ng mananakaw natin sa closet ni Kuya.”

Umakyat uli ng hagdanan si Diana. Nakasunod lang si Rafael. Hindi napigilang titigan ng binata ang pagkembot ng balakang ng babae habang umaakyat. Hindi rin niya matanggal ang tingin sa mahahaba at makikinis na legs nito.

Rafael, bata pa ’yan. May boyfriend. Kapatid ng best friend mo. Anak ng may-ari ng kompanyang

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

pinagtatrabahuhan mo, naisip niya. Kailangan niyang ipaalala sa sarili na isang wholesome date ito.

Pumasok sila sa kuwarto ni Donnie at dumerecho sa walk-in closet nito. Isang buong cabinet nito ang para lamang sa formal wear.

“Wow! Impressive closet. Hindi ko akalain na marami palang damit si Donnie,” ani Rafael.

“Nagtaka ka pa. May-ari kami ng clothing business, remember. Marami nga d’yan ang hindi pa nasusuot ni Kuya kahit minsan.” Nagtingin-tingin si Diana ng mga damit. Kumuha ito ng ilang polo, coats, ties, pants at sapatos. Ipinatong niya ang mga napiling damit sa isang upuan, nag-isip, at dumampot ng isang buong outfit. “Here. Try these.”

“Okay. I’m sure these will be perfect. Pero kahit naman yata anong isuot ko, hindi pa rin ako bagay na ka-date mo.”

“Sobra ka naman. You’re okay. You just need a stylist.”

“Can you be my stylist?”

“Sure... Wow! I have a client already.”

“But I might not be able to afford you.”

Nakangiting napailing ang dalaga. “You don’t need to pay me, Raffy.”

Nilapitan siya nito. Malapit na malapit, mga hawak nitong damit at sapatos na lamang ang nakapagitan sa kanila. Naamoy na niya ang halimuyak ng pabango nito. Her scent was mild, sweet and sexy. Bumilis ang tibok ng puso niya.

“You just have to be a good date tonight,” dagdag nito.

“I’ll try but I can’t promise.” He couldn’t handle a girl as hot as Diana.

Natawa ito. Lalo lang siyang naakit nang marinig ang tawa nito.

“That’s what I really like about you, Raffy. You’re so humble and unassuming. Kung makapagsalita ka, parang hindi ka sanay sa company ng magagandang babae. Balita ko nga ang dami mong naka-date na models.”

“Actually, I never really dated one. I don’t like being with them,” pag-amin niya. “Wala lang akong choice, parte kasi ng trabaho. Nasa budget and finance department ako. Pero siyempre pag company functions, kasama lahat, pati models... Most of them are either airheads or social climbers. So I try to avoid

dating one.”

“You’re being judgemental.”

“I’m sorry. Tama ka. Hindi ko dapat i-generalize ang mga models. Pero kasi sa experience ko, kapag maganda ang babae, gusto lang niyang paikutin sa kamay niya ang mga lalaki, lalo na ang tulad ko na hopeless romantic.”

“Yeah, right... Save that thought for later. We have a whole night to discuss that. Isukat mo muna ’yang mga damit. I’ll just wait here.”

Umupo ang babae sa gilid ng kama ni Donnie. Si Rafael naman ay pumasok na sa walk-in closet-slash-bathroom.

Pagkatapos ng dalawang minuto, lumabas na siya, suot ang crisp and polished three-piece ensemble. Perfect polo, perfect coat, perfect tie, perfect pants, perfect shoes.

Tiningnan uli ni Diana ang binata mula ulo hanggang paa.

But this time, with attraction.

Nang makita niya si Rafael na nakatayo sa kanyang harapan, natulala siya sa kaguwapanhan nito. Hindi siya makapaniwala na ang best friend ng

kanyang Kuya Donnie na matagal na niyang kilala, nakakausap at nakakakulitan ay napaka-attractive pala. Buong akala niya na isa lang ito sa maraming tipikal young businessmen na kilala niya na magaling lang sa pagpapayaman pero walang pag-asa pagdating sa hitsura. Iba pala si Rafael.

“Please speak up. You’re making me nervous. Bagay ba sa ’kin ang suot ko o hindi? Come on, you can be honest with me.”

“B-bagay sa ’yo. Hindi lang ako siguro sanay.” Kumurap-kurap siya nang mapagtantong kanina pa pala siya nakatitig sa binata.

“Ako lalo. Hindi ako sanay na masikip ang damit ko... at mamahalin. Don’t I look stupid?”

“H-hindi!” mabilis na tugon niya. “Are you kidding me? Raffy, you will be the most sought-after bachelor in that party. Imagine, successful businessman ka na, very handsome....” Natigilan siya nang mapagtanto kung ano ang kanyang sinasabi. Nasosobahan na siya sa pagbibigay ng compliment kay Rafael.

“Wow! Thanks, Diana. Pinapalakas mo ang loob ko. Siguradong magugulat si Donnie sa suot ko... Actually, lahat ng taga-TVCC, magugulat, lalo na pag nakita nilang ikaw ang ka-date ko.” Iniabot nito sa

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

kanya ang kamay. “Miss Diana Versoza, shall we?”

Ngumiti siya at hinawakan ang kamay nito. Tumayo siya. “You know what? I’m dying to throw away your glasses.”

“Sorry, wala akong contacts. I’m practically blind without my glasses. Don’t worry, Ma’am, magsusuot na ako ng contact lenses next time.”

“You better do. Now, let’s go and have some fun, Mr. Rafael Ramirez.”

3

Kaagad na kinuyog ng mga photographers sina Diana at Rafael nang dumating sila sa venue.

Walang dudang sila na nga ang couple of the night ng party na iyon. Maraming taong nagsasabing bagay sila pero...

“I’m just keeping my brother’s best friend company,” ani Diana.

“As you all know, she has a boyfriend. We’re just friends.” Iyon naman ang isinasagot ni Rafael.

As expected, naging matagumpay ang anniversary party ng TVCC. Twenty-one years na ang kompanya, sing-tanda ni Diana, and going strong. Maraming dumalo—mga kilalang personalidad sa business, politics and showbiz. Marami ring dumating na press. Tiyak na magiging laman ulit ang TVCC ng iba’t ibang fashion and society magazines.

Abala sa pakikipagkuwentuhan sina Diana at Rafael sa ilang local celebrities nang lapitan sila nina Donnie at Sheena.

“Is my sister and my best friend the hottest couple

here or what?” biro ng kanyang kapatid.

“Well, kayo ngang dalawa ang hottest couple,” aniya. “You two look good together... Tamang-tama, Kuya, single and available si Sheena.”

“Tumigil ka nga d’yan, Di. Ikaw din naman, eh, newly-single—”

Pinutol niya ang pagsasalita ng kaibigan, “But not available. Still taken.”

“Oh, yes, of course.” Naalala nitong wala pang ibang nakakaalam ng tungkol sa break-up niya kay Sean maliban sa kanilang magkakaibigan.

“Shee, why don’t we dance a bit?”

“Sure.”

Nagpaalam ang dalawang dalaga sa kanilang dates. Nagpunta sila sa dance floor at nagsayaw.

Samantala, naiwan naman ang dalawang binata sa bar.

“Pare, kanina ko pa napapansin, mukhang pamilyar ’yang suot mo,” ani Donnie.

“Nakalimutan ko palang magpasalamat sa ’yo, Pare. Hindi na ako nakapagpaalam na hihiramin ko ang mga damit mo. Biglaan kasi. Hindi nagustuhan

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

ni Diana 'yung suot ko kanina kaya, ayun, ni-raid namin ang cabinet mo," paliwanag ni Rafael.

"Buti naman hinayaan mong pakialaman niya ang pananamit mo. Pare, at least ngayon, mukha ka nang tao!"

"Sige, mang-asar ka pa. Inggit ka lang," balik niya.

"Ako? Maiinggit? O sige, Pare, aaminin ko, konti. Kasi naman, lahat ng babae dito sa party ay sa 'yo nakatingin. Ang lupit mo talaga!"

"Ka-date ko lang ang kapatid mo, kaya nakatingin ang mga tao sa 'kin." Kahit maraming pumupuri sa hitsura at porma ni Rafael nang gabing iyon, hindi pa rin siya nagbabago. Hindi siya nagyayabang. "Oo nga pala, congrats sa party. Very successful. Magandang publicity 'to para sa upcoming collection natin."

"Good job for Cheska. The best party planner."

"But the worst girlfriend."

Natahimik bigla si Donnie. Pakiramdam nito, mali ang hirit nito.

"Biro lang... Pero civil naman ako sa kanya. Professional pagdating sa trabaho. Saka, matagal na 'yun. Wala na 'yun sa 'kin," aniya.

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

“Buti naman, Pare. Cheska’s not worth it. Marami d’yan ang higit pa kaysa sa kanya. At alam kong hindi ka na mahihirapan maghanap. Lalo na ngayon na you’re a snappy dresser already.”

“Hindi naman ako naghahanap. Ayoko na muna ng mga ganyan. Mahirap na kasing magtiwala uli,” seryosong pahayag ni Rafael.

“Kumusta na pala ang experiment mo?” tanong ni Sheena.

“Day one’s doing great,” sagot ni Diana.

Masikip sa dance floor, pero hindi iyon ininda ng magkaibigan. The music was great. They were enjoying themselves. They practically danced the night away.

Walang makakahalata na kaka-break lang ni Diana kay Sean. Masayang-masaya siya nang gabing iyon. Hindi nga siya makapaniwaland masarap din pala ang walang boyfriend. She felt free. Ngayon lang siya uli naging single pagkatapos ng halos anim na taong pakikipagrelasyon sa isang lalaki. Ikinatuwa niya ang attention na nakukuha niya sa mga tao, lalo na mula sa mga young guys na nagsasayaw. Agaw-atensyon talaga ang kagandahan niya, lalo pa sa

suot niyang sequined dress. Para siyang kumikinang sa bawat pagtama ng mga disco lights sa kanyang kasuotan.

“Pero bakit parang makeover project yata ang ginagawa mo?”

“Well, I have no choice, Shee. You girls chose Rafael. Eh, alam n’yo namang fashion victim ang best friend ng kuya ko. Para naman maging bagay siya sa ’kin, pinakialaman ko na ang outfit niya,” paliwanag niya.

Napatingin si Sheena kay Rafael na nakikipagkuwentuhan kay Donnie sa bar. Napansin nito na panay ang lapit ng mga babae sa date ng kaibigan upang makipagkilala o magpapansin.

“Maganda naman ang kinalabasan. Job well done,” komento nito. “I thought that guy was hopeless. I remember him giving me migraines everytime I see him wear those checkered polos and plain white pants... Not to mention his...”

“Enormous bulldog shoes!” sabay nilang sabi. Tawa nang tawa ang magkaibigan. Napatingin tuloy ang mga tao sa kanila. Pilit nilang pinigil ang pagtawa. Humagikgik na lang sila habang patuloy sa pagsayaw.

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

“I’m so proud of you, Di. You’re like his fairy godmother!”

Napangiwi siya. “I don’t like the sound of it. Di ba matanda at mataba ang mga fairy godmothers? Let’s just say that from now on, I’m his personal stylist. Para hindi naman siya makahalata that I’m seducing him already. I’ll just pretend that I wanted him to be my guinea pig for my first styling endeavor. He would actually think that we’re just doing each other a favor.

“Through him, I will improve my styling skills that would better prepare me in working for the family company in the near future. Siya naman, hindi na siya magiging baduy, I’ll be making him a bankable bachelor. Di ba, everybody happy! What do you think, Shee?” litanya ni Diana.

“Great plan! Mukhang kailangan na nga naming mag-withdraw para sa Mediterreanean cruise mo.”

Napansin na lang ni Sheena na may kausap nang babae sina Bonnie at Rafael sa bar.

“Look over there, Friend.” Itinuro nito ang bar. Tumingin siya roon.

“So what about it? I see Kuya Bonnie, Rafael and... Cheska.”

“Cheska Montenegro—the social climber, the gold digger and the ultimate bitch of TVCC.”

“Hey! That’s my line.” Kilalang-kilala niya si Cheska. Siya ang laging tumatawag sa babae na resident bitch ng kompanya. Pinagsasabihan nga siya ni Donnie na huwag tarayan si Cheska dahil ito pa rin ang hardworking at maaasahang events planner ng kompanya.

Matagal nang nagtatrabaho ang nabanggit na dalaga sa TVCC at may reputasyon itong masyadong palaban, ambisyosa, mayabang, mukhang pera at heartbreaker. Ito ang ex-girlfriend from hell ni Rafael. Alam na alam ng buong opisina kung paano nito pinaibig, pinaasa, pinerahan, niloko at sinaktan ang lalaki.

Pero as usual, hindi gumanti si Rafael. He was a total sport. Hindi ito nagsalita ng kahit anong masama tungkol kay Cheska. Kahit pinagmukha itong tanga, minabuti nitong mag-move on. Sinisikap nitong maging kaibigan sa dating nobya, kahit para na lang sa trabaho at sa kompanya.

“Look at her. Ang lakas ng loob niyang makipagbiruan pa kay Rafael pagkatapos ng lahat ng ginawa niya,” protesta ni Sheena. “She’s flirting with him! Ang kapal ng mukha! Hindi ba niya alam

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

na may ka-date si Rafael at ang pangalan ay Diana Versoza?”

Tinitigan ni Diana ang pinag-uusapan nilang babae. Masama ang tingin niya rito. Nakasuot ito ng fiery red fitted dress and black pumps. Shoulder-length ang buhok nito with thick bangs. Morena ito, petite and very curvy. The exact opposite of her in terms of physical features.

“Tatayo na lang ba tayo dito at walang gagawin?” nanunuksong tanong ng kaibigan.

“Of course not. Ilalagay natin ang bitch na ’yan sa dapat niyang kalagyan,” mapanghamong sagot niya.

Naglakad ang magkaibigan palapit sa bar. Napansin ng tatlong tao na parating sila. Matalim din ang tingin ni Cheska sa dalawang babae.

“You know, girls, Cheska. The person who’s responsible for this successful party,” panimula ni Donnie.

Tinitigan lang nina Diana at Sheena ang babae. Hindi ngumiti. Hindi sumagot. Hindi nagsalita.

“I think that’s your way of congratulating me. Well, thank you,” sarcastic na sabi ni Cheska at uminom ng margarita.

“Girls, ’wag naman kayong ganyan. Don’t spoil the fun. We’re all here as one family. Let’s set aside our negative feelings. Kahit ngayong gabi lang,” pakiusap ni Rafael. Ayaw nitong magkaroon pa ng tensyon sa pagitan ng ex-girlfriend at ka-date.

Pinakinggan naman ni Diana ang request nito. “Okay, then... Cheska, this is my friend Sheena. She just came home from Singapore. She works there as an advertising officer.”

Sheena also played nice. Iniabot nito ang kamay kay Cheska. “Nice to meet you.”

“I must say... you look exceptionally beautiful tonight, Diana. You should really be a model, you know,” ani Cheska matapos makipagkamay sa kaibigan niya.

“Naku, hindi papayag si Daddy. Gusto niya, lahat kaming magkakapatid ay may stable na trabaho. Alam mo naman ang tingin ni Daddy sa mga models. Parang hindi seryosong trabaho,” hirit ni Donnie.

“Sayang naman kasi, Donnie. Your little sister has all the goods. Diana, why don’t you model for our upcoming fashion show?” tanong ni Cheska.

Hindi niya mapigilan ang mapangiti. Matagal na rin niyang gustong subukang mag-model. Pero hindi

siya pinayagan ng daddy niya. Very strict at protective ito sa kanya, lalo pa't only girl siya ng pamilya.

“Tingnan natin kung papayagan ka ni Daddy,” babala ni Donnie.

“Well, I’m already twenty-one. Graduate na ako. I think I’m free to try different jobs,” aniya. “So, Cheska, I’m interested. Alam mo naman kung paano ako mako-contact if ever...”

“Of course. Buti naman napagbigyan mo ako this time. Matagal mo na kasing tinu-turn down ang offers ko,” sagot ni Cheska.

Naging light ang usapan nila nang sumunod na mga minuto. Pinag-usapan nila ang tungkol sa mga future plans ng kompanya. Nagkakuwentuhan din sila tungkol sa mga lugar na napuntahan nila. Nagyaya pa nga si Cheska ng isang safari trip sa South Africa. Medyo nakakasundo na sana ni Diana ang huli nang mahalata niya ang pagiging close at touchy nito kay Rafael.

Napansin niyang panay ang titig ng babae sa dating nobyo nito. Lagi nitong sinisingit sa usapan ang mga bagay na dati nilang ginagawa ni Rafael noong sila pa. Ang binata naman ay panay lang ang iwas sa mga panghahawak dito ng dating kasintahan.

Habang tumatagal, nagiging mas obvious ang pang-aakit ni Cheska kay Rafael. Ipinulupot pa nito ang kamay sa braso ng lalaki at isinandal ang ulo sa balikat ng huli.

Hindi na siya nakapagpigel pa.

“By the way, Cheska, don’t you have a date?”

Natigilan ang babae. Tumahimik din bigla ang tatlo pang kasama nila sa bar.

“No, I don’t have a date. I didn’t have time to find one. I was too busy organizing this party,” sagot nito.

“Well, I hope you don’t mind me emphasizing this to you, I’m Rafael’s date.” Lumapit siya sa binata at hinawakan ang braso nito.

“Diana!” paninita ni Donnie sa kapatid. Ayaw nitong umaasta siya na isang selfish rich kid na parang ayaw maagawan ng laruan.

Napaatras si Cheska. “Donnie, it’s okay. It’s my bad.” Tumingin ito sa kanya. “I didn’t mean to steal your date, Diana. Maybe I’m tipsy already. Hindi ko na tuloy namamalayan ang mga ginagawa ko. Pag nalalasing kasi ako, nagiging... how do I say this... extra sweet daw ako. I’m sorry.”

“Apology accepted. Hindi naman kita masisisi,

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

Cheska. Si Rafael yata ang pinakaguwapong lalaki dito. I'm sure nagsisisi ka ngayon kasi pinakawalan mo ang isang tulad niya," aniya.

"Diana, stop it!" saway ni Donnie.

Hinawakan ni Sheena ang kamay ng kaibigan, hinihila siya nito. "Di, let's dance again. Ang ganda ng music. Let's go!" Naisip nitong sumayaw na lang sila uli para maiwasan ang namumuong tensyon.

"Diana, can I ask you a question?" biglang sabi ni Cheska.

"Sure. Anything," sagot niya.

Lumapit ito sa kanya. "Kaya mo ba date si Rafael kasi break na kayo ni Sean?"

Nanlaki ang kanyang mga mata. Para siyang nakalunok ng bola. Hindi siya makapagsalita. O makahinga.

"Cheska, ano ba'ng pinagsasabi mo? Why don't you have some coffee or rest for a while? Lasing ka na," ani Donnie.

"No, Donnie. I may be drunk but I'm not lying. Break na sina Diana at Sean. Tapos na ang kanilang fairytale love story," ani Cheska. "Diana, my dear, from the bottom of my heart, I'm sorry. You must be

grieving... deep inside.”

Maluha-luha na siya. Napatingin siya sa paligid at nakita ang mga tao na nakatingin sa kanya, nagbubulungan.

“Is this true, Diana?” tanong ni Donnie.

“What’s wrong with you, Cheska Montenegro? Wala kang pakialam sa buhay ng iba. Shut your big mouth up!” galit na sabi ni Sheena.

Lumapit siya sa kaibigan. “Okay lang, Sheena. Totoo naman ang sinabi niya, eh.” Tumingin siya kay Donnie. “Yes, Kuya, it’s true. Sean and I are over. We broke up last week.”

“He broke up with you, Darling,” hirit ni Cheska.

Patuloy na nagbulungan ang mga tao. Diana felt so humiliated. Gusto niyang maiyak pero pinigilan niya.

Nilapitan ni Donnie ang kapatid at inakay siya palabas ng venue. “Diana, we’ll talk later. Pero ngayon, umuwi ka na muna.”

“Donnie, ako na’ng bahala kay Diana,” ani Sheena.

Lumingon siya sa kanyang date. “Rafael, I’m

Dare To Love Me - Priscilla Del Cielo

sorry but I have to leave. I'll make it up to you next time."

Naglakad na palayo ang magkaibigan. Nakatingin sa kanila ang mga tao. Walang tigil ang mga photographers sa pagkuha sa kanila ng mga larawan. Maraming press people ang dumumog sa kanila para magtanong.

Sinundan ni Rafael ng tingin si Diana. Malungkot siya para sa dalaga, pero wala siyang magawa. Hindi niya alam ang gagawin. Nagulat din siya. Hindi siya makapaniwala na magagawa ng isang lalaking makipag-break sa isang tulad ni Diana Versoza.